

Ministry ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng mga Kasanayan (Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development)

Mga Karapatan sa mga Pamantayan sa Trabaho para sa Mga Itinalagang Empleyado ng Ahensya na Nagbibigay ng Pansamantalang Tulong

Pagtatatuwa: Inihanda ang resource na ito para tulungan ang mga empleyado at employer na maunawaan ang ilan sa mga minimum na karapatan at pananagutang nakatatag sa ilalim ng *Batas sa mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Employment Standards Act, ESA)* at mga regulasyon. Hindi ito ligal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang ESA o mga regulasyon at ang opisyal na bersyon ng batas ang dapat laging gawing reperensya. Bagaman sinisikap naming tiyakin na ang impormasyon sa resource na ito ay bago at tumpak hangga't maaari, panapanahon nangyayari ang pagkakamali. Mga minimum na pamantayan lamang ang naibibigay ng ESA. May mas maraming karapatan ang ilang empleyado sa ilalim ng kontrata sa trabaho, sa sama-samang kasunduan, sa karaniwang batas o iba pang lehislasyon.

Nagtatakda ang [Employment Standards Act, 2000](#) (ESA) ng mga minimum na pamantayan para sa karamihan ng mga lugar ng trabaho sa Ontario, tulad ng minimum na pasuweldo at mga limitasyo sa mga oras ng trabaho. May mga espesyal na panuntunan at hindi kabilang na kapit sa mga partikular na empleyado, kabilang na ang mga itinalagang empleyado ng mga ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong.

Nagbibigay ang dokumento ng impormasyon na ito ng impormasyon tungkol sa mga karapatan mo bilang isang itinalagang empleyado. Para sa higit pang impormasyong sa iyong mga karapatan, bumisita sa [Ontario.ca/ESAGuide](https://ontario.ca/ESAGuide) at piliin ang Mga Ahensyang Nagbibigay ng Pansamantalang Tulong (Temporary Help Agencies).

Karagdagan pa sa dokumento ng impormasyong ito, dapat ka ring magbigyan ng ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng Employment Standards Poster sa loob ng 30 araw simula sa araw ng pagsisimula mo sa trabaho. Kung hindi Ingles ang pangunahin mong wika, dapat kang mabigyan ng iyong employer ng poster na nasa iyong pangunahing wika, kung hihingi ka nito at kung available ito sa Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development. Available ang poster para ma-download sa Ontario.ca/ESAposter.

Ikaw ba ay isang itinalagang empleyado?

Ikaw ay isang itinalagang empleyado ng isang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong kung ikaw at ang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ay nagkasundo na tutulong ito sa iyo na ihanap ka ng pansamantalang itinalagang trabaho.

Ang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ang employer mo kahit na hindi ka nakatalaga na magtrabaho sa isa sa kanilang kliyenteng negosyo.

Dapat kang mabigyan ng impormasyon ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong

Dapat sabihin sa iyo sa sulat ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ang kanilang ligal na pangalan, iba pang pangalan na ginagamit ng ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa lalong madaling panahon pagkatanggap mo sa trabaho.

Kapag nag-alok sa iyo ang iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng pagtatalaga sa isang kliyenteng negosyo, dapat kang mabigyan ng ahensya ng mga sumusunod na impormasyon, sa sulat, sa lalong madaling panahon:

- ligal na pangalan ng kliyenteng negosyo, ng iba pang pangalang ginagamit ng kliyenteng negosyo at impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- rate ng pasuweldo at mga benepisyo
- mga oras na ipagtatrabaho mo
- deskripsyon ng trabahong gagawin mo
- tagal (term) ng pagtatalaga (kung alam ito)

- yugto ng pagbabayad at ang araw ng pasuweldo sa iyo

Hindi ka puwedeng singilin ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng mga partikular na bayarin

Hindi ka puwedeng singilin ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng singilin para sa:

- pagiging empleyado nito
- pagtulong sa iyo sa paghahanap ng assignment
- pagbibigay sa iyo ng impormasyon o payo sa kung paano magsusulat ng resume o maghahanda para sa isang panayam, kahit pa hiningi mo ang tulong

Puwede kang bigyan ng kliyenteng negosyo ng mga reperensyang trabaho o i-hire ka

Hindi magagawa sa iyo ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong na:

- pigilan ang kliyenteng negosyo sa pagbibigay sa iyo ng reperensyang trabaho
- pigilan ang kliyenteng negosyo sa direktang pag-hire sa iyo
- singilin ka kung gusto kang i-hire ng kliyenteng negosyo

Dapat parehong mag-ingat ng record ang iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong at ang kliyenteng negosyo

Dapat i-record ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ang bilang ng mga oras na ipinagtrabaho mo sa bawat kliyenteng negosyo sa bawat araw at linggo. Dapat ding i-record ng kliyenteng negosyo ang bilang ng mga oras na ipinagtrabaho mo sa kanila sa bawat araw at linggo.

Oras at bayad sa bakasyon

May karapatan ka sa oras ng bakasyon at bayad sa bakasyon. Ang dami ng oras ng bakasyon at bayad sa bakasyon ay nakadepende kung gaano kahaba ang ipinagtrabaho mo sa iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong. Kung ikaw ay nagtrabaho sa iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng hindi lalampas sa limang

taon, may karapatan ka sa dalawang linggong bakasyon pagkatapos ng bawat labindalawang buwang tinatawag na vacation entitlement year at sa bayad sa bakasyon ng apat na porsyento ng iyong kabuuang sahod. Kung nagtrabaho ka sa iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng limang taon o higit pa, may karapatan ka sa tatlong linggong bakasyong oras pagkatapos ng bawat labinlimang buwang vacation entitlement year at bayad sa bakasyon ng anim na porsyente ng iyong kabuuang sahod.

Karaniwan na, dapat kang bayaran ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng bayad sa bakasyon bilang lump sum bago mo kunin ang iyong bakasyon. Gayunman, puwede kang bayaran ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng bayad sa bakasyon sa bawat pay cheque kung sang-ayon ka, sa sulat.

Halimbawa: Nagtrabaho si Syed sa kanyang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng tatlong taon. Puwede siyang magbakasyon ng dalawang linggo at kumita ng apat na porsyento sa bayad sa bakasyon. Kumikita siya ng \$1,500 kada dalawang linggo. Pinagkasunduan ni Syed at ng kanyang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong na babayaran siya ng bayad sa bakasyon sa bawat pay cheque. Binayaran si Syed ng \$60.00 ($\$1,500 \times 4\%$) ng bayad sa bakasyon sa bawat pay cheque.

Alamin pa ang higit tungkol sa oras at bayad sa bakasyon sa [Ontario.ca/vacation](https://www.ontario.ca/vacation).

Pampublikong pista opisyal

May siyam na pampublikong pista opisyal ang Ontario sa bawat taon:

- Araw ng Bagong Taon
- Family Day
- Good Friday
- Victoria Day
- Canada Day
- Araw ng Paggawa
- Thanksgiving Day
- Araw ng Pasko
- Boxing Day

Kung ikaw ay nasa assignment at natapat ang pampublikong pista opisyal sa isa sa iyong mga araw ng pagtatrabaho, sa karaniwan na may karapatan kang kunin ang pampublikong pista opisyal na pahinga sa trabaho at mabayaran ng bayad sa pampublikong pista opisyal.

May pormula sa pagkalkula ng bayad sa pampublikong pista opisyal:

- idagdag ang iyong mga regular na suweldong naipon at lahat ng bayad sa bakasyon na babayaran sa apat na linggo bago sumapit ang pampublikong pista opisyal
- hatiin ang bilang na ito sa 20

Halimbawa: Si Josefa ay nasa assignment at kumikita ng \$600 bawat linggo. Nakakatanggap siya ng 4% na bayad sa bakasyon sa bawat pay cheque. Papatak ang Canada Day sa isa sa mga araw ng pagtatrabaho ni Josefa. Sa apat na linggo bago sumapit ang Canada Day, ang regular na suweldo ni Josefa ay \$2,400 ($\600×4). Sa apat na linggo bago sumapit ang Canada Day, ang halaga ng bayad sa bakasyon na ibabayad kay Josefa ay \$96 ($\$2,400 \times 4\%$). May \$124.80 na matatanggap si Josefa sa bayad sa pampublikong pista opisyal ($\$2,496 \div 20$).

Puwede kang magtrabaho sa araw ng pampublikong pista opisyal kung pinagkasunduan ninyo ito at ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong, sa sulat. Karaniwan na, kung magtatrabaho ka sa araw ng pampublikong pista opisyal, dapat kang bayaran ng bayad sa pampublikong pista opisyal at bayad sa premium para sa mga oras na ipinagtrabaho sa araw ng pampublikong pista opisyal. O dapat bayaran ang iyong regular na suweldo para sa mga oras na ipinagtrabaho mo sa araw ng pampublikong pista opisyal at kumuha ng ibang araw ng pahinga na may bayad na pampublikong pista opisyal.

Kung nasa assignment ka at natapat ang pampublikong pista opisyal sa araw na hindi isa sa iyong araw ng pagtatrabaho, may karapatan ka sa kahaliling araw ng pahinga na may bayad na pampublikong pista opisyal. Puwede ninyong pagkasunduan ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong, sa sulat, na babayaran ka lamang ng iyong employer ng bayad sa pampublikong pista opisyal.

Kung wala ka sa assignment noong mayroong pampublikong pista opisyal, karaniwan na, may karapatan ka sa bayad sa pampublikong pista opisyal lamang.

Para alamin pa ang higit tungkol sa mga pampublikong pista opisyal sa [Ontario.ca/publicolidays](https://ontario.ca/publicolidays).

Pagwawakas ng pagtatalaga

Karaniwan na, kung gusto ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong na itigil (wakasan) ang iyong pagtatalaga sa isang kliyenteng negosyo, dapat kang bigyan ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng isang isang linggo ng nasusulat na abiso ng pagwawakas ng pagtatalaga o bayad pagwawakas ng pagtatalaga:

- Nakatalaga ka para magtrabaho sa isang kliyenteng negosyo
- Kapag inialok sa iyo ang pagtatalagang ito, nakaplano ito na magtatagal nang tatlong buwan o higit pa
- Winawakan ang pagtatalaga (magwawakas) nang mas maaga kaysa sa nakaplanong petsa ng pagwawakas.

Iba ang pagwawakas ng pagtatalaga sa pagwawakas ng pamamasukan. Bagaman winakasan na ang iyong pagtatalaga, empleyado ka pa rin ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong.

Pagwawakas ng pamamasukan

Sa karamihan ng kaso, kung gusto ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong na tapusin na (wakasan) ang iyong pamamasukan, dapat kang bigyan ng iyong employer ng nasusulat na abiso ng pagwawakas o bayad sa pagwawakas. Dapat magtrabaho ka sa iyong employer ng hindi bababa sa tatlong buwan para magkaroon ng karapatan sa abiso o bayad sa pagwawakas.

Ang halaga ng abiso o bayad ay depende kung gaano ka katagal nagtrabaho sa iyong employer:

- wala pang isang taong pamamasukan: isang linggo
- isang taon hanggang dalawang taon ng pamamasukan: dalawang linggo
- tatlong taong pamamasukan: tatlong linggo
- apat na taong pamamasukan: apat na linggo
- limang taong pamamasukan: limang linggo
- anim na taong pamamasukan: anim na linggo
- pitong taong pamamasukan: pitong linggo
- walong taong pamamasukan: walong linggo

Halimbawa: Si Luna ay nagtrabaho sa kanyang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng 16 na buwan. Kumita siya ng \$800.00 kada isang linggo. Dapat siyang bigyan ng kanyang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng dalawang linggong abiso ng pagwawakas o bayad sa pagwawakas. Pinili ng kanyang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong na bigyan siya ng bayad sa pagwawakas. Dapat siyang bayaran ng kanyang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong ng \$1,600.00 (\$800 x 2).

Alamin pa ang higit sa [Ontario.ca/terminationofemployment](https://www.ontario.ca/terminationofemployment) o magpunta sa [Ontario.ca/ESAtools](https://www.ontario.ca/ESAtools) para kalkulahin kung magkano ang abiso sa pagwawakas o bayad sa pagwawakas na maaaring ibigay sa iyo.

Hindi ka puwedeng sumang-ayon na isuko ang iyong mga karapatan

Hindi ka puwedeng sumang-ayon o pumirma ng kontrata na isuko ang alinman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA. Walang bisa ang mga kasunduan o kontratang ito. Halimbawa, kung pipirma ka ng kontrata na sinasabing hindi ka puwedeng kumuha ng trabaho sa isang kliyenteng negosyo, ang kasunduang ito ay magiging walang bisa.

Hindi ka puwedeng parusahan sa pagtatanong tungkol sa o sa pagsasagawa ng iyong mga karapatan sa ESA

Kung magtatanong ka tungkol dito o gagamitin mo ang iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA, hindi ka puwedeng parusahan ng iyong ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong o ng kliyenteng negosyo sa kahit na anong paraan, kabilang na ang pagwawakas ng iyong pagtatalaga.

Para sa higit pang impormasyon o para magsampa ng claim

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa ESA, bumisita sa [Ontario.ca/ESAGuide](https://ontario.ca/ESAGuide).

Kung may mga tanong ka tungkol sa ESA, maaari ka ring tumawag sa Employment Standards Information Centre sa 416-326-7160, libre sa 1-800-531-5551, o TTY 1-866-567-8893. Available ang impormasyon sa maraming wika.

Kung sa palagay mo hindi mo natanggap ang iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA, puwede kang magsampa ng claim sa Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development sa [Ontario.ca/ESAclaims](https://ontario.ca/ESAclaims).